Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HUNYO 29, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |

DI-DUMALO

Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 14-T'2009

## KAUTUSANG NAG-AATAS SA LAHAT NG MGA NAKATIRA SA TABING ILOG, SAPA AT MGA PILING LUGAR SA MGA SUBDIBISYON NA MAGTANIM NG PUNONG KAHOY AT NAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA SINUMANG MAGPUTOL, MAGBUNOT O GUMAWA NG ANUMANG BAGAY NA KIKITIL AT MAKAPIPINSALA SA MGA PUNONGKAHOY AT PUNO NG NIYOG.

May Akda: Kagalang-galang Kagawad Romulo A. Elca

**SAPAGKA'T,** ang pagtatanim ng punongkahoy sa tabi ng ilog at sapa ay bahagi ng programa ng pamahalaang bayan na mapaganda ang kapaligiran at mapangalagaan ang kagubatan;

**SAPAGKA'T,** naging patakaran ng bayang ito na magtanim at pangalagaan ang mga punongkahoy na nagbibigay ng sariwang hangin at nakababawas ng polusyon;

**SAPAGKA'T,** kailangang lubusang mapigil ang walang patumanggang pagputol, pagbunot o anumang bagay na nakapipinsala sa mga punongkahoy sa nasasakupan ng bayang ito;

**SAPAGKA'T,** kinakailangang tugunan at pagsikapang mapangalagaan ang pagbabawal sa pagputol ng puno ng niyog, gayundin ang pagbebenta nito na nagdudulot ng pinsala sa kapaligiran.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Romulo A. Elca, na pinangalawahan ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon, Ramon D. Tan at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang sumusunod na:

### ARTIKULO 1

**SEKSYON 1** - Pamagat. Ang Kautusang ito ay makikilala at tatawaging **"KAUTUSANG NAG-AATAS SA LAHAT NG MGA NAKATIRA SA TABING ILOG, SAPA AT MGA PILING LUGAR SA MGA SUBDIBISYON NA MAGTANIM NG PUNONG KAHOY AT NAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA SINUMANG MAGPUTOL, MAGBUNOT O GUMAWA NG ANUMANG BAGAY NA KIKITIL AT MAKAPIPINSALA SA MGA PUNONGKAHOY AT PUNO NG NIYOG."**

**SEKSYON 2** – Layunin

a. mapangalagaan ang kagandahan ng kapaligiran
b. maipanatili ang kahalagahan ng punongkahoy
c. maiwasan ang sanhi ng pagbaha sa mababang lugar

**SEKSYON 3** - Saklaw. Ang Kautusang ito ay ipatutupad sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**SEKSYON 4** -Kahulugan ng mga salita

1. Executive Order No. 213 – Constituting the national enforcement task force on coconut tree conservation.
2. Open space – reserbang lugar sa isang subdibisyon na tanging ginagamit na parke, palaruan, paaralan, kalsada, simbahan, hospital, health center at barangay center.
3. Subdibisyon – rehistradong lupang pinaghati-hati sa hangaring maibenta nang buo o hulugan nang naaayon sa Comprehensive Land Use Plan at Zoning Ordinance.
4. Presidential Decree No. 1216 – defining open space in residential subdivisions and amending Section 31 of Presidential Decree 957 requiring subdivision owners to provide roads, alleys, sidewalks, reserve open space for parks or recreational use.
5. Presidential Decree No. 953 – requring the planting of trees in certain places and penalizing unauthorized cutting, destruction, damaging and injuring of certain trees, plants and vegetations.
6. Republic Act No. 3571 – an act to prohibit the cutting, destroying or injuring of planted or growing trees, flowering plants and shrubs or plants of scenic value along public roads, in plazas, parks, other premises or in any other public ground.
7. Republic Act No. 8048 – an act providing for the regulation of the cutting of coconut trees, its replenishment, providing penalties therefore and for other purpose.

## ARTIKULO II
## ALITUNTUNIN SA PAGTATANIM NG MGA PUNONGKAHOY SA TABI NG ILOG, SAPA AT MGA SUBDIBISYON.

**SEKSYON 1.** Ang mga sumusunod ay inaatasang magtanim ng punongkahoy-

1.1 sinumang may-ari ng lupa na nasa tabi ng ilog at sapa na ang itatanim na punongkahoy ay hanggang limang (5) metro maliban kung may nakalagay na permanenteng istraktura na hindi maaaring taniman.

1.2 sinumang may-ari ng mga subdibisyon na kailangang magtanim ng punongkahoy sa itinalagang "open space" na karaniwang ginagamit ng mga nakabili ng lupa (lot owners) at sa mga gilid ng kalsada.

**SEKSYON 2** - Sa mga may-ari ng lupang residensyal at komersyal na subdibisyon, kinakailangang panatilihin ang 30 bahagdan ng kanilang dinidebelop na lupa bilang open space. Sa loob ng tatlong taong pagkakaloob ng development permit," kailangang pangalagaan ng may-ari ng subdibisyon ang kalsada at open space sa pamamagitan ng pagtatanim ng punongkahoy. (Presidential Decree No. 1216 as amended by Section 31, Presidential Decree No. 957 and Presidential Decree No. 953)

## ARTIKULO III
## ALITUNTUNIN SA PAGBABAWAL SA PAGPUTOL, PAGBUNOT AT MGA BAGAY NA NAKAPIPINSALA SA PUNONGKAHOY KASAMA ANG PUNO NG NIYOG

**SEKSYON 1** - Hindi pinahihintulutan ang pagputol ng punong kahoy maliban sa mga sumusunod:

1.1 kung nakakuha ng permiso sa kaukulang ahensiya.
1.2 kung ang punong kahoy ay 60 taon na
1.3 kung ang punong kahoy ay hindi na economically productive
1.4 kung ang punong kahoy ay may sakit
1.5 kung ang punong kahoy ay nasira ng bagyo o kidlat
1.6 kung ang lupang may tanim ng punongkahoy ay magiging lupang residensyal o komersyal,
1.7 kung ang punongkahoy ay magdudulot ng panganib sa buhay at ari-arian ng mamamayan

**SEKSYON 2** - Ang permiso sa pagputol ng punongkahoy ay tanging ibinibigay ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas-Yaman (DENR), ang permiso sa pagputol ng puno ng niyog ay sa Philippine Coconut Authority (PCA) sa pasubaling maaaring ilipat ang kapangyarihan nito sa pamahalaang lokal (LGU) ayon sa pagpapasiya ng ahensiya ng pamahalaan.

**SEKSYON 3** - Ang pamahalaang bayan ayon sa itinatakda ng Republic Act 7160 ay may kapangyarihang alamin ang katotohanan o katibayan sa pagbibigay ng permiso sa pagpuputol ng punongkahoy.

**SEKSYON 4** - Bago ang pagbibigay ng permiso sa pagputol ng punongkahoy, kinakailangan ang katibayan na nakapagtanim na ng punongkahoy katumbas ng bilang ng punongkahoy na puputulin (replanting).

**SEKSYON 5** - Ang pamahalaang bayan ay may kapangyarihang manghuli (apprehend) sa mga lumalabag at samsamin (seize) ang mga pinutol na punongkahoy at kagamitang tulad ng powersaw nang walang permiso kasama ang sasakyang kinargahan o ginamit dito.

**SEKSYON 6** - Magbabayad ng application fee ang mga aplikante na nagnanais na magputol ng punongkahoy at puno ng niyog na nagkakahalaga ng Php25.00 bawa't kahoy na ang halagang Php10.00 ay mapupunta sa tanggapan ng Philippine Coconut Authority, ang Php10.00 sa pamahalaang lokal at ang Php5.00 ay mapupunta sa lugar na puputulin ang punong kahoy.

## ARTIKULO IV
## PAGPAPATUPAD

**SEKSYON 1** - Ang buong mamayan ng Santa Cruz ay binigyan ng katungkulang magbantay sa mga puno bilang isang mahalagang elemento ng kapaligiran at ipaalam sa sinumang opisyal ng Barangay o Tanggapan ng Punong Bayan o Tanggapan ng Kapaligiran at Likas-Yaman o nanunuparang tanggapan, ang sinumang makitang pumuputol, bumubunot o gumagawa ng bagay na makapipinsala sa puno. Ang may sakit na mga puno ay kailangang ipagbigay-alam sa Tanggapan ng Kapaligiran at Likas-Yaman o nanunuparang tanggapan.

**SEKSYON 2** - Ang Tanggapan ng Kapaligiran at Likas-Yaman (MENRO) o nanunuparang tanggapan ang magpapatupad ng kautusang ito. Ang sinumang nais na pumutol ng puno na may katangap-tanggap o mabigat at legal na dahilan ay kailangang magsumite sa tanggapan ng mga sumusunod:

1. Original Certificate of Title o Transfer Certificate of Title ng lupang kinalalagyan ng punong puputulin;
2. Barangay Clearance
3. Picture o larawan ng puno
4. Building /Excavation Permit

**SEKSYON 3** - Ang mga Pambansang Batas na kinabibilangan ng Republic Act No. 3571, Presidential Decree No. 953, Executive Order No. 213, Republic Act No. 8048 at Philippine Coconut Authority Administrative Order No. 01 Series of 2002 ay gagawing bahagi ng ordinansang ito upang maging epektibo at matatag ang pagpapatupad.

## ARTIKULO V
## K A P A R U S A H A N

**SEKSYON 4** - Ang sinumang lumabag sa Kautusang ito ay papatawan nang ayon sa mga sumusunod:

*Unang Paglabag* – sa bawat punong may laking sampung pulgada diametro pababa ang pinutol, binunot o anumang pagkilos na kumikitil o puminsala, may multang Php1,000.00 sa bawat punong naputol o napinsala, pagbibigay ng 100 puno na may taas na tatlong talampakan (3 ft.) o higit pa o pagkabilanggo hanggang 12 araw sa malayang pagpapasya ng Hukuman.

*Pangalawang Paglabag* – Multang Php1,500.00 sa bawat puno at ang pagbibigay ng 200 bagong puno sa bawat punong naputol o napinsala na may taas na tatlong talampakan (3 ft.) o pagkabilanggo nang hanggang 30 araw sa malayang pagpapasya ng Hukuman.

*Pangatlong Paglabag* – Multang Php2,500.00 bawat punongkahoy at pagbibigay ng 300 bagong puno sa bawat punong naputol o napinsala na may taas na tatlong talampakan (3 ft.) o pagkabilanggo nang hanggang 60 araw sa malayang pagpapasiya ng Hukuman.

**SEKSYON 5** - Kung sa anumang dahilan o mga dahilan, alinmang bahagi ng probisyon ng Kodigong ito ay taliwas sa Saligang Batas o walang bisa, ang ilang bahagi o mga probisyon dito na hindi apektado ay magpapatuloy na ipatutupad nang buo at may bisa.

**SEKSYON 6** - Lahat ng mga kautusan, executive order at batas-pampangasiwaan o bahagi na salungat sa kautusang ito ay pinawawalang-bisa.

**SEKSYON 7** - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na maipaskel sa mga hayag na lugar sa nilolooban ng 15 araw.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagawaran ng Likas-Yaman at Kapaligiran, Philippine Coconut Authority, Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pàmbayang Hukuman, Kuwerpo ng Pulisya, Pambayang Tanggapan ng Kapaligiran at Likas-Yaman, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay, mga Punong Barangay at Land /Subdivision Developers, lahat sa bayâng ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulanghakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

LOUIE C. DE LEON
Kagawad

RAMON D. TAN
Kagawad

JUN M. ASINAS
Kagawad

ROMULO A. ELCA
Kagawad

**LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**OSCAR F. FELICIANO**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan